

Prologue

Day 26

N akatulala lang si Luke Paraiso sa screen ng kaharap niyang *iMac*. Blangko ang canvass niya roon at parang hindi niya alam kung saan siya magsisimula sa mga dapat gawin.

Alam niyang kailangan na niyang magtrabaho. May deadline siyang kailangang habulin— isang website, isang set ng marketing paraphernalia, cover studies para sa isang ire-release na libro three months from now. Pero kamote, ayaw gumana ng kanyang utak. Iisa lang ang laman niyon mula pa noong nakaraang gabi: si Tammy Inarez.

Nalilito si Luke. Hindi dapat ganito. Ilang taon niyang pina-practice ang kanyang dating lifestyle, hindi pa siya pumalpak. Hindi pa nangyari na naging ganito siya pagkatapos ng halos isang buwang pakikipaglapit sa isang babae.

Kumabog nang malakas ang dibdib niya lalo nang mapuno ang isip niya ng lahat ng bagay tungkol kay Tammy Inarez.

Marahas niyang naihilamos ang mga kamay sa mukha tuloy sabunot sa buhok. “Shit! Kinakarma yata ako.”

Tumingala siya at nakatulalang tumitig sa kisame habang inaalala ang magandang mukha ni Tammy— ang matamis na ngiti, ang masiglang tawa, ang lambot ng buhok, ang kinis ng balat, iyong gabing iyon...

Pagkatapos, sumunod niyang naalala ang luha ng dalaga, ang lungkot sa mga mata, ang mga salitang sinabi nito na sumugat sa puso niya...

Ilang ulit niyang minura ang sarili nang ma-realize kung gaano siya kalaking assh*le. He needed to do something to redeem himself and save the only romantic relationship he could describe as ‘real’.

Sinave niya ang ginagawa saka nag-shutdown ng computer. Nagmadali siyang naligo at nagbihis. Kailangan niyang makausap si Tammy.

Ilang minuto lang, nagmamaneho na si Luke. Kung posible lang, baka pinalipad na niya ang kotse niya makarating lang sa bahay ng dalaga.

Tanaw na niya ang bahay ng pamilya nito nang biglang mag-cut ang isang motor mula sa gilid niya. Minaniobra ng binata ang sasakyan paiwas, pero kahit nagawa niyang makaiwas sa lalaking nakamotor, sa poste ng *Meralco* naman sumalpok ang minamaneho niyang kotse.

Nakangingilong tunog ng angil ng gulong at
pagkabangga ng kotse ang pumuno sa pandinig niya.
Pagkatapos, nilamon na si Luke ng kadiliman....



Chapter *One*

Day 0

“You’re listening to erotica?”

Nanunukso ang tono ng Ate Karen niya nang ibalik nito sa kanyang tainga ang earbud na sandaling isinuot nito sa sarili para malaman kung ano ang pinapakinggan niyang audiobook.

Tinawanan ni Luke ang nang-aasar na tingin ng kapatid.

“Iyan ang pinakikinggan mo kaya hindi mo narinig na sampung oras na akong kumakatok sa labas ng pinto?” anito sa himig na di-makapaniwala. “Wow! I never knew you have a side like this, Luke.”

“Drama queen,” tawa ng binata. Inalis niya ang tingin sa ginagawang cover ng isang young adult fiction at nilingon ang kapatid. “Una, exaggerated ka. Second, may susi ka rito kaya hindi mo kailangang

kumatok. Thirdly, paraan ko 'to para hindi ko marinig 'yung tugtog sa kapitbahay." May wedding resort sa tabi ng kanyang apartment at two to three times a day kung marinig niya ang wedding march. Kapag June o December, umaabot pa nang lima hanggang pito sa isang araw, kaya suyang-suya na siya roon. "Pang-apat, nagtatrabaho ako, natural nagko-concentrate ako dito."

"Baka nagko-concentrate ka lang sa love scene sa audiobook." Bumungisngis ito.

"Panglima," patuloy niya na para bang hindi ito narinig na sumabat, "hindi 'to erotica. May love scene lang, at natiyempo ka lang sa part na 'yun. And it's not like sobrang explicit ng scene na 'yun, parang implied nga lang 'yung sex." Ayaw niyang magtunog-defensive pero parang ganoon nga yata ang lumabas base sa ngisi ni Karen.

Pumuwesto ang babae sa sofa sa living room ng maliit niyang bahay, na binabayaran pa niya gamit ang kita sa pagiging freelance web developer at digital artist.

"I have a date later. And I found a physical copy of this book in her bag, so naghanap ako ng audiobook. Siyempre kailangan ko ng bala just in case mapapunta dito ang usapan namin."

"Oh." Kumibit-balikat ang kausap. "Sabagay, you're practically authority nga pala when it comes to things that women want. I am sure you know what you're doing."

Sarcasm iyon. Kahit hindi halata sa tono ng

kanyang ate, sigurado si Luke doon.

Tumawa siya. “Exaggerated naman yata iyong tawagin akong ‘authority’. I’m not an expert. I don’t know *all* that women want, dear sister, *some* lang. I honestly think your kind is too complicated to fully understand. I just happen to know a few things.”

His sibling snorted. “Hindi bagay sa ‘yo, huwag ka nang magpa-humble. Alam ko naman na ang istorya, kung paanong ilang years mong *supposedly* pinag-aralan ang perfect at tamang dating formula.” Sumimsim ito ng kape mula sa hawak na paper cup na may logo ng UCC saka binago na ang usapan. “Anyway, speaking of dating, sino na naman ba ‘yung ide-date mo ngayon? At pang-ilang araw niya na ba?”

He smiled. “Interested ka na ngayon?”

Pinaikot lang nito ang bilog ng mga mata, lumapad naman ang ngiti niya.

“Her name’s Richie. Richenda Inarez. Nakilala ko sa birthday ni Tan-Tan,” tukoy ni Luke sa isang kaibigan, “high school teacher siya, matalino, medyo immature—which is understandable dahil bata pa siya, medyo boring, and once pa lang kami lumabas. Mamaya ‘yung second date.”

“Boring ‘ika mo pero pinagtitiyagaan mo?”

“Medyo lang naman. Saka alam mong as much as possible, mas gusto kong sila ang makipaghiwalay sa akin kapag wala pang twenty-five days, di ba? I’m a gentleman like that.”

Muling nag-snort ang kausap. “In fairness, ang

dami mong napapaniwala diyan sa 25-day ek-ek mo, ah. Balita ko kinokontak ka raw ng mga taga-show ni Jessica Soho; gusto ka raw gawan ng feature.”

“Tinanggihan ko,” tugon niya na may kasamang mayabang na ngiti. “I’d like to keep my life private, thank you very much. S’abi ko, kung gusto nila, idi-discuss ko na lang ’yung theory ko sa kanila, pero ’wag na nila akong isali sa feature. Pumayag naman.”

No, hindi celebrity si Luke. Nagkataon lang na siya at ang marami niyang kakilala ay maraming nakarelasyon, kaya sa edad niyang twenty-three ay nagawa niyang i-compute ang tamang bilang ng mga araw na itatagal ng isang relasyon at iyon ay twenty-five days. Posibleng kulang pero hindi dapat lumampas sa dalawampu’t limang araw ang relasyon ng dalawang tao, kasi pagkatapos niyon, wala nang thrill. Wala nang romance. May sawa factor na sa pagitan ng isang couple.

At mukhang sumasang-ayon naman sa kanya ang marami niyang kakilala na sumubok niyon. Ilang beses na rin siyang naalok na ma-interview sa mga magazines pero tinanggihan niya. Gusto naman niyang ma-inform ang mga tao para makatulong din. Sa tingin kasi ni Luke, kung susundin lang ng lahat ng tao ang formula niya, many people would be spared from broken hearts and unrealistic expectations. Many people would enjoy this life and be happy.

Siyempre may mga nagagalit din sa kanya—iyong mga traditional, iyong mga religious, iyong mga ultra-feminista, iyong mga sentimental at romantic, iyong

mga nagbubulag-bulagan sa katotohanan.

Pero bakit naman siya paaapekto sa mga iyon? His life had been heartache-free since he started practicing the 25-day dating method three years ago. May isang beses na kinailangan niyang mag-file ng temporary restraining order para sa isang babaeng ayaw siyang lubayan, may dalawa o tatlo na kinokontak pa siya at di pa raw maka-move on, but generally, it was good! He'd never been this happy before and dating had never been this fun.

Pinagmasdan ni Luke ang kapatid na kulang sampung taon ang tanda sa kanya. "Kung ginagaya mo ba naman ako, hindi ka sana malungkot ngayon."

Itinaas ni Karen ang isang palad sa kanya. "Oh, no. Huwag mo akong idawit diyan sa kalokohan mo. I'm happy being the single, strong, and independent woman that I am, so no thanks."

"Pero wala ka ring planong magpakasal?" usisa niya.

"Kung meron, eh, di meron. Kung wala, eh, di wala," walang anumang sagot lang nito. "Ang mahalaga, hindi ako at risk na magkaroon ng HIV di gaya mo."

Tumawa si Luke. "Ano nama'ng akala mo sa akin? Of course I very much practice safe sex, Ate. And for the record, I didn't bed them all. Out of the fourteen, mga five lang sa kanila. Or six. Or seven."

"Well, good luck to you then. I hope hindi ka maabutan ng karma at sampalin ka ng kung anong sexually transmitted disease, ng true love na tinatawag

ng iba, or just a dose of your own medicine.”

Lalo siyang natawa. “True love, ah? Naniniwala ka pa pala d’un?”

Hula ni Luke sa kapatid ay virgin pa ito sa edad nitong thirty-five. Wala siyang nakilalang naging boyfriend nito kahit may mga manliligaw naman. Pero parang imposible na maging lesbian dahil kinikilig naman kay *Thor*, at sa iba pang guwapo at macho na celebrity. Hula niya, disheartened ang panganay na kapatid noon, hindi lang nito ikinukuwento. O baka masyado lang talagang mataas ang standards.

Nagkibit ng balikat si Karen saka sumimsim ulit ng kape. “My dear brother, just because hindi pa natin nae-experience doesn’t mean it doesn’t exist. Right? Besides, hindi naman ’yang theories mo about the existence of love ang ipinunta ko rito.”

Kunwari ay kinunutan niya ito ng noo. “Oh, so naimiss mo lang makipag-argumento sa akin?”

“There’s a little truth in that.” He saw a glimpse of a smile form at a corner of his sister’s lips. “Anyway, sasabihin ko lang na I have a friend who’s interested to test your theory. She wants to date you.”

Tumaas ang kilay niya. May nag-volunteer? Interesting. Pangatlong beses pa lang na nangyari ang ganito. “Okay. But are you telling me kasing-edad mo ’yang friend mo? Ate, hindi ako mahilig sa cougar.”

Nakatakim siya ng matalim na tingin sa sinabi niya.

“Hindi,” tugon ng kapatid. “Mas bata siya sa akin. Mas bata pa nga sa ’yo, actually. S’abi niya, curious siya

sa theory mo. Saka dine-date mo raw kasi ang kapatid niya, and she wanted to spare her younger sister of the incoming heartbreak, kaya siya na lang ang papalit at makikipag-date sa 'yo."

"Huh?" litong tanong niya.

"Ate siya ni Richie Inarez, and she wants you to do your 25-day dating theory with her."

"Is this... friend of yours also a sociologist?" May doctorate ang ate niya sa nabanggit na field.

Umiling ito. "Classmate ko siya d'un sa writing workshop na in-attend-an ko last month. Naka-close ko r'un pagkatapos lagi na kaming nag-me-meet for coffee."

"So writer wannabe din siya?" litong tanong niya.

"Uh-huh. And teacher din siya, patissier, sculptor, surfer, future architect."

Namilog ang mga mata ni Luke. "Sobrang sipag naman niyang mag-aral."

His sister just shrugged her shoulders. "Madami rin siyang naging trabaho. S'abi niya, she's born curious."

Mabagal na nabuo ang isang ngiti sa mga labi ng binata. Parang alam na niya kung ano talaga ang motibo ng babaeng iyon sa lahat ng ito. Gusto lang siguro siyang pag-aralan ng sinumang friend ng ate niya. "Hmm... so what's her name?"

"Thomasine Inarez. We call her 'Tammy.'"

"Hmm..." aniya. "So this Tammy... maganda ba siya?"

Umikot ang mga mata ng kaharap. "Wow, I didn't

know may standards ka pa pala!”

Tinawanan lang niya iyon.

Dumukot ito mula sa malaking bag na katabi, inilabas ang cellphone at may pinindot-pindot doon. Pagkatapos, iniabot sa kanya ang telepono.

Group picture iyon ng mga babaeng nasa coffee shop. Ini-zoom ng kapatid ang larawan sa dalagang katabi nito at may hawak na libro na base sa cover ay alam niyang *The Girl with All the Gifts* ang title. Long brown hair, fair skin, beautiful round eyes, nice smile. And a cute cleft chin.

Beautiful. There were other words he could use to describe her but it would all be synonymous to that word—beautiful.

“Hmm,” saad ni Luke; hindi pansin ang kung anong biglang naramdaman sa dibdib at tiyan. “So kailan mo ibibigay ang number ni Tammy Inarez sa akin?”

Yumabang ang ngiti ng kaharap. “S’abi ko na nga ba, type mo ’yung ganda niya, eh.” Iniabot nito sa kanya ang phone nito kung saan naroon ang detalye ng bago niyang date. “Wag mong paiiyakin, ah. Kung hindi, ako ang bubugbog sa ’yo.”

“Oo naman. Walang iyakan, mag-e-enjoy lang kami. Takot ko lang sa ’yo,” tukso niya.

Sa isip ay pinaplano na ni Luke ang gagawin. Unahin na siguro niyang idispatsa si Richie mamayang gabi—in a sweet, memorable and romantic way, of course. Then, he’d break with her nicely.

Pagkatapos, saka niya kokontakin ang mas

maganda at mas mukhang challenging nitong ate.



Simangot na simangot ang mukha ng kapatid nang puntahan siya nito sa trabaho niya na nasa ibaba lang ng bahay nila.

“Totoo bang ide-date mo si Luke?” walang preambulong bungad ni Richie.

Mukhang nakausap na ng kapatid ang lalaking ka-date nito nitong nakakaraang mga araw, at parang nag-‘break’ na ang dalawa. Mukha kasing kagagaling lang nito sa huling date nito kay Luke Paraiso; naka-maxi dress itong itim at fully made-up ang mukha.

Tumango lang si Tammy habang patuloy sa pagpapatong ng coat, gloves at mask, at naghahandang makita ang kliyente niyang isang oras pa lang daw mula nang mamatay.

Yes, patay na talaga iyong kliyente niya. Funeral at mortuary service kasi ang pino-provide ng kanilang family business at siya ay madalas na suma-sideline bilang embalmer doon.

“Why are you doing this, Ate?” asik nito. “What’s your damn point?”

Pilit niyang kinontrol ang inis at hinayaang mababa ang tono ng boses. “My point is to spare you from getting your heart broken by that man who clearly has no heart at all.”

“I am not that vulnerable!” giit nitong lumakas na ang boses.

“Lower your voice, Richie. You’ll wake the dead.”

Napangisi si Tammy sa sarili niyang joke. Mabuti na lang, naisuot na niya ang kanyang mask. Lalong manggagalaiti ang kapatid niya kapag nakita nito ang kanyang ngiti.

“This isn’t funny, Ate. You’re stealing my date,” sambit nito. “Why do you have to do this? Napakamang-aagaw mo!”

“It’s for your own good, Richie. And hello, ’wag kang masyadong madrama, it’s not like pakakasalan mo na ’yung lalaking *aagawin* ko. He’s a serial dater, he’ll never take you seriously.”

“Hindi mo hawak ang puso niya para masabi ’yan!”

Tumawa si Tammy nang malakas. “Susko, Richie! Stop it. Tunog-telenovela ka na! Balak mo bang mag-showbiz?”

Pumadyak ito sa inis. “But I like Luke!” May nginig na sa boses nito nang magsalita na para bang maiiyak na. “He’s funny, sensible, cute, and I’m falling for him. How could you do this to me?”

Her eyes rolled. Isang linggo pa lang kakilala, ‘falling for him’ na? Ang OA lang.

Mahinahon niyang tinapos ang pagbibihis at hinarap ang kapatid. “There! *That* is exactly the reason why I’m doing this, Richie.” Dinuro niya ito. “Look at yourself. You’re too emotional, childish, gullible, and you can’t control your emotions. And you have to, if the object of those emotions is someone you know is incapable of loving you back, and will leave you no matter what after twenty-five days. You’re knowingly,

intentionally putting your heart on the line! ’Tapos, ayaw mong iiwas kita sa kanya? Anong katangahan iyan, ha, Richenda?”

Mukhang hindi pa ito sanay sa talim ng dila niya, judging from the way her sister’s eyes watered.

“I am not a child, Ate. Twenty-two years old na ako, di mo ako kailangang protektahan. I can fend for myself.”

Umiling si Tammy. “And that’s hyperbole.”

Hindi makapaniwalang pinagmasdan siya ng babae. “Well, sana i-break din niya ang heart mo the way you did mine,” tumutulo ang luhang asik nito bago siya iniwan.

She sniggered. Napaka-emo talaga ng kapatid niya.

Nagkibit-balikat lang siya saka pumasok na sa preparation room. Inabot siya nang halos dalawang oras sa paglilinis, pagde-drain ng dugo, pag-aalis ng mga laman-loob, pag-i-inject ng formaldehyde, pagbibihis at pagme-makeup sa kliyente niyang fifty-five years old na ginang.

Kasalukuyan siyang sumasabay sa kanta ng *Bee Gees* na tumutugtog mula sa speakers—na ironically ay *Staying Alive*—nang nag-ring ang cellphone niyang nasa bulsa. Hindi niya iyon pinansin noong una, pero persistent ang kung sinumang caller kaya sinilip na niya.

Unregistered ang numero sa contacts list niya.

“Hello?” sagot niyang ni hindi na inalis ang suot na mask.

“Hi! Is this Tammy?” sagot ng boses sa kabilang

linya na ikinabilog ng mga mata niya at ikinakabog ng dibdib.

Syet, ang seksi naman kasi ng boses!

“Ah, y-yes.”

“This is Luke, ’yung brother ni Karen Paraiso.”

“Oh,” nasabi lang niya. “Hi.”

“Nasabi niya kasi sa akin na you’re interested to date me—”

Medyo nawirduhan siya sa dating ng sinabi nito saka napahinto ang kamay na naglalagay ng lipstick sa bangkay na kaharap. “Uhm... kasi, Luke—”

“Oh, please, don’t tell me you want to back out. I acted like a jerk tonight and told your sister that I find you interesting, ’tapos...”

Namilog ulit ang mga mata ni Tammy. “Wow, ang harsh mo naman!”

She heard his sigh. “I’m really sorry. Minsan talaga kahit gusto kong pagandahin ang mga salita, pumapangit ang dating ko. But I really mean well for your sister. She’s sweet, she deserves someone better. Nagkausap na rin kami, ngayon-ngayon lang. I think bati na kami. Anyway, puwede ba tayong magkita bukas?”

Napatitig siya sa kaharap na bangkay. “Ah, wait, Luke... I’m in the middle of something right now. Could you text me the details? Pero sure na, I’ll meet you tomorrow.”

“That’s great.” Dinig niya ang saya sa boses nitong macho. “Sige, ite-text kita. See you tomorrow, Tams.”

“Bye.” Agad niyang tinapos ang tawag saka

ibinulsa ang telepono saka napahawak sa dibdib.

Tokwa, puwedeng mag-narrate ng erotica book ang boses ng isang iyon, ah.

Ilang beses siyang bumuga ng hangin bago itinuloy ang ginagawa. Pagkatapos, iniligpit na ni Tammy ang mga gamit saka lumabas ng silid. Nasalubong niya ang isa nilang empleyado at sinabihan niya itong handa na para ilagay sa kabaong ang bangkay.

Naghubad siya ng suot na lab gown, mask at gloves, nag-disinfect ng sarili saka pinuntahan ang opisina ng kanyang mga magulang.

“Uwi na po ako, Ma,” paalam niya sa inang nakaharap sa computer at parang may tinutuos. Certified Public Accountant ito at siyang nag-aasikaso ng accounting books ng punenarya. “Where’s Papa?”

“Inihatid lang si Richie sa bahay. Umiiyak n’ung pumunta rito at ayaw magpapigil. Uwi na raw at magkukulong sa kuwarto para—in her words—makaiyak nang maayos.”

Natawa si Tammy. Puwede talagang pamalit sa current teledrama queen ang kapatid niya.

Pinagmasdan naman siya ng ina nang maigi. “Ano ba’ng nangyari? Nag-away ba kayo?”

She snorted. Naupo siya sa silyang kaharap ng malapad na oak table ng ina na siyang upuan niya kapag tumutulong siya sa officework doon, saka ipinaliwanag rito ang pagkaloko ng kapatid sa isang serial dater, at ang kanyang ginawa para ilayo si Richie doon.

Natuklasan niya iyon minsang makausap niya ang

isa sa mga closest friends nito. Sinadya raw ng kapatid niyang makipag-close sa isang kaibigan ng Luke na iyon para nga raw maipakilala ito sa serial dater at ayain itong maka-date.

Hindi alam ni Tammy kung nahawa na ang kapatid sa pagiging adventurous niya kaya gumawa ng ganitong hakbang, pero kilala niya ang bunsong kapatid. Hindi ito kasing-detached niya. Masyado itong sentimental, inosente at gullible. Iyakan ang ending kapag hinayaan niyang ituloy nito ang dating-dating chenes sa Luke na iyon.

“I only want to protect her, Ma. It’s for her own good, trust me.”

Tumawa ang ginang. “You’re always like this to Richie. Daig mo pa kami ng papa mo pagdating sa overprotectiveness sa kapatid mo.”

She shrugged her shoulders. “Kasi naman, tingnan n’yo po kasi ’yung anak ninyong iyon.” *Parang di nag-iisip*, gusto niyang idugtong.

“Eh, bakit naman kailangan mo pang mag-volunteer na kapalit ng kapatid mo? Gusto mo pang maging participant sa twenty-five ek-ek ek-ek na ’yan.”

Napakamot siya sa sentido. “Inisip ko lang na baka mas maging madali sa lalaking iyon na pabayaan si Richie kung magkakaroon siya ng bagong ka-date. Saka curious din ako, Ma.”

Pinagmasdan siya nang maigi ng kanyang ina na puno ng concern sa mga mata. “You sure kaya mong maging objective habang nakikipag-date sa lalaking iyon? Baka naman ikaw ang ma-in love at ma-

heartbroken?” nag-aalalang saad nito.

Tumawa si Tammy. “Ma! The man is practically a living machine. Wala siyang puso, he plays with women and discards them after twenty-five days. Ganoon lang. Paano naman po ako mai-in love sa gan’ung tao?” *Tanga ba ako?* gustong idugtong ng dalaga.

Doon nga sa maayus-ayos na manliligaw niya, hindi siya na-in love, sa ganoong lalaki pa? Sayang naman ang degree niya sa Business Management at ang papatapos na degree sa Architecture kung gagawin niya iyon.

“Sana nga. I don’t want to see you hurt, Tammy.”

“Don’t worry, Ma. I know exactly kung ano po ’tong pinapasok ko. Walang personalan ito, parang kagaya rin lang po ito ng ibang misadventures ko. Curious lang po ako.”

Ngumiti ang kanyang magulang. “Ganyang-ganyan din ako noong bata ako. It’s okay to be free-spirited, Tams, pero ’wag mong kalimutang mag-ingat palagi, ah.”

Pinaikot niya ang mga mata kahit nakangiti. “Ma, kung di po ako maingat, do you think makakauwi ako rito sa atin nang buo pagkatapos ng lahat ng mga pinaggagawa ko sa buhay?”

Naranasan na niyang mag-trek sa bundok nang tatlong araw, mag-alaga ng mga tigre sa isang zoo, mag-skydive at marami pang iba.

“Minsan kasi, anak, kahit sobrang ingat mo na, you can still be caught unaware.” Ngumiti ito nang

makahulugan. “Sige na, umuwi ka na’t baka lahat ng kitain ngayong araw, eh, ipambayad ko na lang sa OT mo.”

Natawa siya. “Sobra ka naman, Ma.” Tumayo siya at hinalikan ito sa pisngi. “Night.”

“Good night. Susunod na ako d’un mayamaya, magliligpit lang ako nang kaunti.”



Chapter *Two*

Day 1

Kung naiba-iba siguro si Luke—ibig sabihin, kung hindi siya kumpiyansa sa sarili niyang mga katangian—baka nanliit siya sa tingin na tinatanggap niya mula sa kaharap. Ibang-iba iyon sa obvious admiration sa mukha ng nakababata nitong kapatid noong una silang magkakilala.

Pero dahil assured naman siya na hindi masama ang hitsura niya, sinabayan lang ni Luke ang pag-aaral ni Tammy ng mukha niya.

Nang nakaraang gabi, ginawa niyang sobrang special ng huling date nila ni Richie. Dahil naniniwala siyang ‘honesty is the best policy,’ tinapat niya ito ukol sa sinabi ng kanyang kapatid tungkol sa ate nito at sa interes niya roon. Nag-walk out ito at kahit ilang beses niyang tawagan ay hindi siya sinasagot.

Alas diez na noong sa wakas ay sagutin nito ang

tawag niya.

“I feel like a jerk for doing this to you, I’m really sorry,” sambit niya.

“Mabuti alam mo!” sabi nito.

“Sorry talaga.”

Narinig niya ang buntong-hininga nito mula sa kabilang linya. *“Okay lang, Luke. And I appreciate your honesty. Mas interesting naman talaga si Ate kaysa sa akin.”*

“No, please. That’s not what I mean, Rich—”

“Saka,” putol nito sa sasabihin pa niya, *“kung magiging honest din ako sa sarili ko, mapapansin ko rin naman na walang sparks sa pagitan natin. Crush kita, yes... pero para lang tayong magkuya na nag-agree na kumain sa labas sa mga dates natin.”*

Nakahinga siya nang maluwa. *“Hindi lang siguro ako ’yung tamang lalaki para sa ’yo. You’re a sweet girl, Richie, you deserve someone better. ’Yung di jerk na kagaya ko.”*

“I know, right?” Tumawa ang nasa kabilang linya. Napangiti rin siya. *“So na-meet mo na si Ate?”*

Parang wala naman nang senyales ng bitterness sa boses ng kausap.

“Tatawagan ko pa lang siya mamaya.”

Bumungisngis si Richie. *“Now that I think about it, parang mas bagay nga kayo.”*

Hindi niya alam ang ibig sabihin nito hanggang sa tawagan niya ang ate nito. Muffled ang tunog ng boses ni Tammy na para bang may takip ito sa bibig habang kausap siya, pero nahimigan na niyang parang

hindi nga ito kagaya ni Richie na sweet, fun-loving at romantic. Itong isa ay medyo forward at parang istrikta. Well, binase lang naman niya iyon sa muffled nitong boses.

Ngayong kaharap na niya ito, parang hindi naman pala. Mukha itong... scientist—scientist na may pinag-aaralang microorganism sa ilalim ng microscope. At siya ang microorganism na iyon.

In fairness, triple ang ganda ni Thomasine Inarez sa personal kumpara sa picture na ipinakita ng ate niya—na tumawag pa kanina para mag-good luck sa kanya—at nag-init ang lahat ng puwedeng mag-init sa kanya pagkakita rito nang harapan.

She wasn't wearing anything revealing. Simpleng light blue summer dress at sandals na may kaunting takong, hindi rin ganoon kalaki ang dibdib o puwit, pero umaapaw ito sa sex appeal. Hindi alam ni Luke kung ganito ang epekto ng babae sa lahat ng lalaki, pero sa kanya? Kung puwede lang, kung puwede lang talaga, susunggaban na niya ito ng halik at itatakas papunta sa isang sulok.

Pero siyempre hindi iyon maaari. At hindi rin siya ganoon pinalaki ng mga magulang niya. At gusto rin niyang kilalanin muna ito... at titigan. Ang ganda ng mukha ni Tammy, ang sarap sa mata.

“You look okay.”

Inabot nang ilang sandali bago rumehistro sa utak ni Luke ang sinabi nito.

“Hmm? Excuse me?” medyo nalitong turan niya.

She shrugged. “I said you don't look bad,” rephrase

pa nito sa sinabi kanina. It still sounded unpleasant in his ears, though.

Wow, sino ba itong babaeng ito, at anong klaseng mga lalaki ang nakakasalamuha nito? Pulos ba modelo o kaya artista?

Wala pang nakilalang tao si Luke—girl man, boy, LGBT—na nagsabing pangit siya. Never. Ever. May nagkomento na sa kanya na masyadong matalim ang panga niya, o na masyadong maputi ang ngipin niya at medyo tabingi ang ilong niya, pero walang nagsabi—o kahit nagpahaging man lang na masama ang kanyang hitsura.

Hindi niya inalis ang mga mata sa mukha ni Tammy. “What do you mean? Pangit ako?”

Tumawa ang kaharap. “Kung pangit ka, ano na’ng itatawag sa average na tao?”

Nakahinga si Luke at napangiti rin. Okay, nag-panic lang siya kanina. Sorry na. Parang hindi naman pala masama ang gusto nitong sabihin.

Ibubuka pa lang niya ang bibig para mag-thank you nang magpatuloy ang kausap.

“I’m just wondering why you’re doing this. Hindi ka naman mukhang disillusioned. Sa hitsura mo, you don’t look like someone who would reject heartlessly.”

Lumapad pa ang ngiti niya. “Thank you. You don’t look bad yourself.”

Parang hindi naman nito narinig ang sinabi niya. “Unless sobrang sama ng ugali mo,” dugtong nito na ikinasimangot niya ulit. “O baka mabaho ang paa mo—”

“Hey, hey, hey, hold it.” Itinaas pa ni Luke ang isang palad para pigilan ito sa pagsasalita. “Hindi masama ang ugali ko at lalong hindi mabaho ang paa ko. I’m doing this 25-day dating because it’s effective.”

“Says who?” taas-kilay nitong untag.

“Says my three-year record, my unbroken heart, and my happy, stress-free life,” kumpiyansang sagot niya. “And a lot of my friends agree.”

Tumaas ang isang sulok ng bibig ng babae. And he hated that he found it too cute. “Weh, di nga?”

Sumeryoso si Luke at humalukipkip. Nalilito siya ng babaeng ito, sa totoo lang. Hindi niya mailagay ang sarili kung gusto ba niya ito o hindi. Habang lalo itong gumaganda sa paningin niya, naiinis naman siya sa mga sinasabi nito.

“So, ano’ng gusto mong sabihin?” He shrugged. “Why are we here now?”

“Kasi nga, I’m curious.”

May pakiramdam siyang hindi iyon ang unang beses na mababanggit ang salitang iyon sa pagitan nila.

“Okay. So you’re willing to do this with me just because you’re curious?” Tumango si Tammy. “You’ll be wasting twenty-five days of your life just to satiate *this* curiosity.”

Sumipsip ito ng iced coffee mula sa plastic cup na hawak. “That’s okay. I’m born curious. I did most things, made big decisions out of my curiosity.”

Hindi siya masyadong naniwala roon, pero hindi na niya sinabi kay Tammy. Huminga siya nang malalim saka parang tour guide na nagpaliwanag,

“So we’ll date for twenty-five days and then, we’ll go on separate ways. Walang samaan ng loob, walang regrets.”

“I know that.” Tumangu-tango ito na para bang kliyente niya kapag nagne-negotiate sila ng tungkol sa mga projects. Napaka-professional.

He sighed, frustrated. “This is so weird.”

“Why?” maiksing tawa ng kaharap. “Your dates know these rules, too, right? In-orient mo rin sila for sure.”

“Yes,” sang-ayon ni Luke. “But never like this. They didn’t do it with another motive in mind. Gusto lang nilang makilala ako genuinely.”

“Gusto rin naman talaga kitang makilala,” sagot nito. “Ano ba’ng ibig mong sabihin?”

“This just feels so... unromantic. Impassive, ganoon. Para tayong nagbi-business deal.”

Tumawa ulit ito, at leche, bakit ba siya naku-cute-an kay Tammy? Dapat hindi na. “Because this is sort of a business deal. Di ba?”

“That’s not completely true!” giit niya. “Kung ganyan ang kaisipan mo, hindi magiging maayos ang ending nitong gagawin natin.”

“I’m willing to cooperate,” sumeryosong sambit ni Tammy.

Napakamot siya sa batok. “Parang di tayo nagde-date. It feels like you’re doing a social experiment and I’m your subject.”

“In a way, it is correct. Gusto kong makilala ka, malaman kung bakit mo ito ginagawa.”

Naiinis na talaga siya. “Why does that sound like you think I’m a second-rate human being just because I decided to run my love life like this?”

“Just for the record, I am not judging you, Luke,” sagot agad ni Tammy, mahinahon pa rin ang tono. Nakatulong iyon para di siya sumiklab nang todo. “You’re an interesting person, yes. And I’m sure hindi lang iyon dahil nagawa mo itong 25-day dating method mo. Pero siguro hindi mo naman ako masisisi kung doon mapatuon ang atensyon ko, di ba?”

Tiniim niya ang mga bagang para wala nang masabing hindi maganda.

“But please don’t take it personally. Curiosity lang din ang rason kaya ako napadpad sa writing workshop kung saan ko nakilala ang ate mo, kung bakit nag-aaral pa ako ngayon, at kung bakit ang haba ng listahan ng job experiences ko. So?”

Paano ba niya ie-explain? This theory *is* supposed to be objective para nga heartache-free, pero hindi rin dapat sobrang detached ang mga taong involved. Paano sila mag-e-enjoy kung habang magkasama sila, nasa likod ng isip niya na pinag-aaralan siya ng kasama niya? At kung panay ang hanap nito ng butas sa theory niya, paano siya nito magugustuhan genuinely?

“Like I said, marami akong ginawang desisyon noon na ang dahilan lang ay na-curious ako. So hindi naman ito naiba sa mga ’yun.”

Talaga lang, ah, muntik na niyang sabihin.

Bakit parang may pakiramdam siyang may iba

itong motibo? Baka kaya gusto nitong i-disprove ang theory niya?

Something in him blazed in irritation. Well, she'd have another thing coming her way. Pamumukhaan talaga niya ang babaeng ito. He would make her like him so hard, she would forget she ever had to date him because of plain curiosity!

“Okay, deal,” sambit ni Luke.

She smiled. At ampota, two point three seconds yatang huminto ang paghinga niya.

Pero nainis din siya dahil parang nang-cha-challenge ang ngiti ng kaharap. And this Tammy was fast becoming an intrigue to him. Ah, na-cu-curious din siya rito.

How could he be both annoyed and attracted to one woman?



“So what do you think?” untag sa kanya ng kaibigang si Karen mula sa hawak niyang telepono.

Literal na kauwi lang ni Tammy mula sa meet-up nila ng kapatid nitong si Luke, as in kakapasok lang niya sa kuwarto niya.

“I think we're perfect for each other,” sadyang pina-emote na sagot niya.

Dinig niya mula sa kabilang linya ang singhap ng kaibigan kaya natawa siya.

“Parang gulat na gulat ka, ah,” sambit niya.

“Now that I think about it, parang ngang perfect kayo ni Luke for each other,” sagot nito. “Isang

hanggang twenty-five days lang ang commitment sa isang tao at isang magiging attached lang hanggang ma-satisfy ang curiosity. Pareho kayang naka-perfect na ng art ng pagmo-move on. Bagay nga.”

“I know, right?” sagot niya habang pumupuwesto paupo sa kanyang kama. “I think this will end good kasi pareho kaming objective at hindi mahilig sa drama. May possibility na maging friends kami pagkatapos. Iyon nga lang, parang takang-taka siya kanina sa akin. Ngayon lang yata nakakilala ng babaeng hindi romantic o sentimental.”

“Our kind is extinct na, eh.”

Sandali silang nagsalo sa masarap na tawanan bago ito muling nag-usisa.

“So what do you think of him? You think he’s cute?”

Cute? Gusto niyang ma-horrify sa ginamit na salita ng kaibigan. *Ano ba’ng cute? My gosh, he was—*

“Okay naman,” understatement of the century ni Tammy.

Ano bang ‘okay naman’ ang pinagsasabi niya? Hindi na nga niya alam kung paano magpapanggap na di apektado ng presensya ni Luke kanina! Wagas ang drama niya kanina.

Mula dulo ng buhok nitong maayos na naka-gel, sa ridiculously handsome na mukha, sa tangkad at tikas ng katawan, sa galing ng pagdadala ng suot nitong simpleng shirt, jeans at sneakers lang naman, sa buo at malalim nitong boses, sa matiim na titig, sa seksing ngiti, sa bango nito...

My gulay, kailangan pa ba niyang ituloy?

At hindi nakatulong na kung tingnan siya ng binata ay para bang ninanamnam nito ang bawat features ng kanyang mukha. Gusto niyang ma-conscious at mag-blush nang todo. Buti na lang, hindi talaga siya marunong mag-blush.

Muntik nang malusaw ang ‘confident and detached woman’ na image niya kanina... kasabay ng panties niya.

Ay, bakit niya ba naisip iyon!

Erase, erase! Hindi siya ganoong klase ng babae. Matalino siya, hindi nagpapaalipin sa tawag ng laman.

“You didn’t find him attractive?” mataas ang tonong tanong ni Karen mula sa kabilang linya. Parang hindi ito naniniwala sa description na ibinigay niya ukol sa kapatid nito. Dapat lang. Dahil hindi iyon totoo.

“Of course I did,” amin ni Tammy. “Hello, ano naman ang akala mo sa akin, bulag? May grado lang ang mata ko, pero kaya ko pa namang sumipat ng tunay na kapogian.”

Tumawa ang kaibigan. “That’s great.”

Sandaling inalis niya sa pagkakadikit sa tainga ang cellphone para di-makapaniwalang tingnan iyon. Si Karen ba talaga ang kausap niya? Bakit ganoon ang tono, parang gustong mang-matchmake? At siya pa sa kapatid nito? Parang bad idea yata iyon.

“So kelan ang next date ninyo?” untag nito nang ibalik na niya ulit ang telepono sa tainga.

“Bukas. Sa park lang daw para mas magkausap

kami nang maayos. Okay din kasi Wednesday, pareho kaming libre buong araw.”

“Well, good luck sa inyo,” sambit ni Karen. “I really hope maging maganda ang ending ng lahat ng ito. Sana in the end, you’ll both become wiser, happier, and better persons. Kasi kung ma-heartbroken ka o siya, pakiramdam ko kasalanan ko ’yun kung sakali.”

Tammy laughed. “Sus! Ako kaya ang nag-volunteer na malagay sa sitwasyong ito. Saka ano ka ba, alam mo namang hindi ako tinatablan ng heartbroken-heartbroken na ganyan. S’abi mo nga, na-perfect ko na ang art of moving on. Saka it’s not like I’ll fall in love with your brother while doing this. Siya mismo alam na curious lang ako kaya ito ginagawa. It’s not actually dating, it’s more of a social experiment.”

Her friend’s response was an audible sigh. “Sana nga.”

Bigla tuloy siyang kinabahan.

“Anyway, ano ang plano mo sa last week ng buwan?” pagbabago nito ng paksa. “Plano naming mag-Siargao, sama ka?”

She frowned. Gustung-gusto niyang sumama. Nami-miss na nga niyang magpunta sa kung saan may beach. Malas lang, baka sa semestral break pa niya iyon magawa ulit.